



COLLEGE OF SOCIAL SCIENCES AND PHILOSOPHY

University of the Philippines Diliman

Office of the Graduate Program

Phone: 981-8500 loc. 2438 E-mail: ogp@kssp.upd.edu.ph

Mga Gabay sa Pagsasagawa ng Online Proposal at Oral Defense

Batay sa naging rekomendasyon ng OVCAA na inaprubahan ng Executive Committee noong ika-30 ng Marso, 2020 pinapayagang ituloy **ONLINE** ang mga depensang nakatakda sa ikalawang semester na sumasailalim sa naaangkop na pagsasaayos alinsunod sa patakaran at panuntunan ng Unibersidad.

Narito po ang guidelines para sa pagsasagawa ng online proposal at oral defense para sa mga gradwadong programa ng CSSP sa panahon ng COVID-19:

1. Request para sa ONLINE Proposal at Oral Defense

Magsusumite ang adviser gamit ang official UP email sa OGP ng request para sa pagtatakda ng ONLINE na depensa na nagsasaad ng mga sumusunod na mahahalagang tala:

1. Online mode na gagamitin sa depensa
2. Oras ng depensa
3. Panel members

Mangyaring sikapin na magkaroon ng maaasahang internet connection ang bawat miyembro ng panel at mag-aaral upang maisagawa ng malinaw ang presentasyon at deliberasyon sa depensa. Ang mga re-scheduled defense ay hihingan pa rin ng nasabing request letter upang maisaad ang online mode na gagamitin ng panel sa depensa kasama ang iba pang mga pagbabagong itatakda.

Hinihiling na maipatupad pa rin ang 30-day rule sa pagschedule ng mga bagong online na depensa para sa semester na ito upang mabigyang panahon na makahanap ng dean's representative na may kakayahang makaupo sa isang ONLINE defense.

2. Kanselasyon ng Depensa

Sakaling magkaroon ng teknikal na problema sa internet connection sa kalagitnaan ng depensa na makakaapekto sa magiging deliberasyon ng panel, maaaring ikansela ng adviser ang depensa at ipagbigay-alam sa OGP via email ang naging kanselasyon at ang itinakdang panibagong petsa para sa depensa. Sa ganitong kaso, hinihiling na makapagtakda ng panibagong petsa ng depensa sa lalong madaling panahon. Ang pirmadong hard copy ng pagtatakda ng bagong petsa para sa schedule ng nakanselang depensa ay maaaring isumite na lamang sa OGP kapag nakabalik na po tayo sa ating mga tanggapan.

3. Recording ng Depensa

Iminumungkahi rin na magkaroon ng recording ng online proposal at oral defense na gaganapin upang magkaroon ng dokumentasyon ang panel patungkol sa naging desisyon sa depensa. Ang mga recording ay magsisilbing dokumentasyon ng departamento at hindi na kinakailangang isumite sa OGP.

4. Pagpapatibay sa Naging Daloy at Deliberasyon ng Depensa

Matapos ang depensa, kailangang makapagsumite ng mga sumusunod bilang pagpapatibay sa naging deliberasyon ng panel:

4.A. Para sa Proposal Defense:

1. Written REPORT mula sa Adviser hinggil sa naging daloy at deliberasyon ng proposal defense kasama ang ilang mahahalagang tala sa report:

- a. Pangalan ng mag-aaral, programa at petsa ng depensa
- b. Oras ng pagsimula at pagtatapos ng depensa
- c. Online platform na ginamit sa depensa
- d. Mga miyembrong dumalo online sa depensa
*Mariing ipatutupad pa rin po ang minimum na bilang ng miyembro ng panel para matuloy ang online proposal defense na tatlo (3) para sa mga proposal defense.
- e. Desisyon ng **BAWAT** miyembro ng panel kasabay ang pangkalahatang desisyon ng **buong** panel.
- f. Mga pagbabago/rekomendasyon ng panel

Isusumite po ito via email sa OGP pagkatapos ng defense. Mangyaring ilagay po ang : **Online Proposal Defense - (last Name of Student, Program)** bilang subject ng email. Ang pagpirma ng Kapasyahan ay gagawin kapag maaari na po tayong makabalik sa ating mga Tanggapan.

4.B. Para sa ORAL/FINAL Defense

1. Written report mula sa **Tagapangulo ng Lupon** hinggil sa naging daloy at deliberasyon ng oral defense kasama ang ilang mahahalagang tala:

- a. Pangalan ng mag-aaral, programa at petsa ng depensa
- b. Oras ng pagsimula at pagtatapos ng depensa
- c. Online platform na ginamit sa depensa
- d. Mga miyembrong dumalo online sa depensa
*Mariing ipatutupad pa rin ang minimum na bilang ng miyembro ng panel para matuloy ang final/oral defense na apat (4) para sa MA oral defense, at lima (5) para sa PhD oral defense.
- e. Desisyon ng **BAWAT** miyembro ng panel kasabay ang pangkalahatang desisyon ng **buong** panel.
- f. Mga pagbabago/rekomendasyon ng panel

Isusumite po ito via email sa OGP pagkatapos ng defense. Mangyaring ilagay po ang: **Online Oral Defense - (last Name of Student, Program)** bilang subject ng email.

2. Report mula sa **Dean's Representative** na isusumite din po via email at pipirmahan na lamang pagbalik sa ating mga Tanggapan. (ang form ay ipapadala ng OGP via email sa Dean's representative bago ang defense).

3. Ang pagpirma ng Kapasyahan ay gagawin kapag maaari na po tayong makabalik sa ating mga Tanggapan.

Maaaring gamitin ang CSSP-OGP Form 40 at 41 sa pagsumite ng mga reports na nabanggit sa itaas. Maari rin naman pong gumawa ng sariling format ng report kung nanaisin.

5. Alternative Mode ng Depensa

Para sa mga faculty adviser o mga mag-aaral na walang kapasidad na makapagsagawa ng online defense, maaaring magpadala ng sulat kahilingan ang adviser hinggil sa alternative mode na ninanais nitong isagawa para sa proposal/ oral defense para sa approval ng Tanggapan ng Dekano. Sa pagkakataong ito, mangyaring masiguro na ang lahat ng kasapi ng panel para sa depensa kasama na ang mag-aaral ay sumasang-ayon o walang objection hinggil sa mode na gagamitin, oras o petsa ng pagsasagawa ng depensa. Hihilingin pa rin na makapagsumite ang adviser ng proposal/oral defense report (OGP Form 40 o OGP Form 41) matapos ang depensa.

Para sa seguridad, hinihiling na gumamit lamang ng **official UP mail** para sa pagsusumite ng mga request, report at iba pang dokumentong ipapasa via email sa OGP.

Mag-email lamang po sa OGP (ogp@kssp.up.edu.ph) para sa mga karagdagang paglilinaw.